ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LIV Blg. 9
Mayo 7, 2023
www.philippinerevolution.nu


EDITORYAL

# Bagong yugto ng paghaharing US matapos ang pulong ni Marcos-Biden

Nagsilbi ang byahe sa US at pakikipagpulong ni Marcos kay President Biden para sementuhin ang estratehiya ng US na gamitin ang Pilipinas bilang kuta sa Asia-Pacific. Bahagi ito ng pinag-ibayong pagpapataw ng hegemonya sa rehiyon sa pamamagitan pagpapalawak ng presensyang militar. Binubuksan nito ang bagong yugto sa kasaysayan ng Pilipinas bilang malakolonya ng US.

Ilang linggo bago bumyahe, lubos na sinang-ayunan ni Marcos ang plano ng US na magtayo ng apat pang base militar (dagdag sa unang lima) sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), at ilang araw matapos isagawa ng US ang Balikatan *war exercises* sa Pilipinas, isa sa pinakamalaking pagpapakitang-lakas militar sa nagdaang mga taon.

Labis ang pagkalugod ni Biden sa pakikipagtulungan ni Marcos sa estratehiyang geopulitikal ng US. Sinabi niya kay Marcos, "wala akong maisip na mas mahusay na katuwang kaysa sa iyo." Isa itong tuwirang pag-endorso sa pasista at korap na rehimen ni Marcos at pagsuporta sa brutal na gera ng panunupil. Bilang ganti, tiniyak ni Marcos sa US na magsisilbi ang Pilipinas na isa sa susing kawing sa estratehiyang First Island Chain ng pagpalibot ng US sa China at pang-uudyok ng armadong tunggalian.



Binuo sa byahe ni Marcos ang US-Philippines Bilateral Defense Guidelines. Pinagtibay nito ang Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement (VFA), EDCA at iba pang hindi pantay na kasunduang militar sa pagitan ng US at Pilipinas. Lalo nitong itinali ang Pilipinas sa patakarang panlabas at pandepensa ng US. Ang kaaway ng US ay magiging kaaway ng Pilipinas. Panandang-bato ito ng lalong mahigpit na kontrol at dominasyon ng US sa Pilipinas. Kaakibat nito ang mga binuong kasunduan at programa para patibayin lalo ang dominasyon ng US sa ekonomya at kultura.

Inulit ng US sa Guidelines ang "suporta para sa modernisasyon ng AFP" na matagal nang programa para gawin palaasa ang militar ng Pilipinas sa US. Ginagamit ito ng US para makuha ang katapatan ng mga heneral sa pamamagitan ng malalaking kikbak sa mga kontratang militar ng gubyerno. Itinatambak ng US ang mga sobrang pinaglumaang kagamitang militar para sa kontra-insur-

hensya.

Pakay din ng binuong Guidelines na "pagtibayin ang mga prayoridad sa depensa" na alinsunod sa layong "interoperability" para palakasin ang kumand at kontrol ng US sa AFP. Layunin ng Balikatan at daan-daang pagsasanay na buong-taong ginagawa ng US at AFP para epektibong gawing magamit ng militar ng US bilang sarili nitong pwersa ang militar ng Pilipinas.

Ang bisita ni Marcos ay nagsilbi rin para itulak ang dominasyong ng US sa ekonomya ng Pilipinas at agresibong itulak ang malalaking kapitalistang Amerikano na mamuhunan at kumamkam nang tubo mula sa pagsasamantala sa murang lakas-paggawa at pagsasamantala sa libreng-buwis at iba pang pang-akit ni Marcos. Inalok ng mga kasama ni Marcos na malalaking burgesyang komprador ang sarili nila bilang katuwang ng kapitalistang Amerikano, kabilang ang mga kumpanyang US na gumagawa ng hindi pa subok na enerhiyang nukleyar.



Inianunsyo rin ng gubyernong US ang planong maglaan ng malaking pondo para palawakin ang mga programa para ikintal ang Pax Americana na pananaw sa daigdig, laluna sa mga estudyante at kabataang Pilipino. Mahigit $100 milyon ang gagastusin sa susunod na sampung taon para palawakin ang mga programang *scholarship* tulad ng Fulbright, mga palitan ng estudyante, "youth leadership training," at pagbubuo ng "samahan sa pagkakaibigan," pati na mga programa ng USAID para sa pagbubuo ng kurikulum, pagsasanay ng mga guro, pagtatayo ng imprastrukturang pang-edukasyon, at iba pa. Ang laki ng pondong ito ay tanda ng pagpapalawak at pagpapaigting ng kampanya ng US na saklutin ang isip ng mga Pilipino.

Ang bisita ni Marcos sa US ay marapat na binatikos ng mga pwersang patriyotiko at demokratiko ng mamamayang Pilipino. Inilantad nila ang pagpapakatuta ni Marcos at tinuligsa ang pakikipagsabwatan niya sa iskema ng US na palakasin ang hegemonya at lakas militar sa Asia. Binatikos nila ang pang-uupat ng US ng inter-imperyalistang armadong tunggalian sa China na may panganib na humila sa Pilipinas sa gerang taliwas sa interes ng bansa at peligro sa buhay at kalayaan ng sambayanan.

Ang itinatayong mga base militar ng US sa Pilipinas sa ilalim ng EDCA, at iba pang lihim o di inianunsyong mga pasilidad, ay mga garapal na simbolo ng panghihimasok at dominasyon ng US. Inuudyok nito ang patriyotikong galit ng sambayanang Pilipino. Tumataas ang kanilang kamulatan sa matagal nang hindi pantay na relasyon ng US at Pilipinas---sa pagitan ng imperyalistang kapangyarihan at ng bansang ginupo, na umiiral mula nang "ibigay" ang huwad na kalayaan noong 1946, matapos ang halos kalahating siglo ng paghaharing kolonyal.

Walong dekada nang nakasadlak sa katayuang malakolonyal ang Pilipinas. Kasabwat ang lokal na malalaking burgesyang komprador at panginoong maylupa, dinambong ng mga monopolyo kapitalistang Amerikano ang yaman at rekurso ng Pilipinas at inilugmok ang ekonomya sa pagkaatrasado at hindi makapagsarili. Ang katayuang malakolonyal ng Pilipinas ay pinananatili ng mga hindi pantay na kasaunduan sa ekonomya, kalakalan at militar at sa pamamagitan ng armadong panunupil ng estadong papet ng US.

Lumalakas ang sigaw ng bayan na wakasan ang MDT, VFA, EDCA, at pati na ang Bilateral Defense Guidelines, sampu ng mga di pantay na kasunduang nagtatali sa Pilipinas sa dayuhang patakaran at mga gera ng US.

Dapat patuloy na lumaban ang sambayanang Pilipino, laluna ang kabataang Pilipino, para sa tunay na kalayaan at demokrasya at makibaka para wakasan ang malakolonyal na katayuan ng bansa. Dapat magpunyagi sila sa landas ng pambansa-demokratikong pakikibaka na binagtas na ng ilang henerasyon ng mga Pilipino para makamit ang hindi nagmamaliw na adhikain ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 9 | Mayo 7, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Bagong yugto ng paghaharing US matapos ang pulong ni Marcos-Biden 1
Lihim na pasilidad militar ng US sa Ilocos 3
Marcos Jr, hinabol ng protesta sa US 3
Napakamahal, mapanganib at di istableng enerhiyang nukleyar 4
Mga protesta 4
Mga panawagan sa Mayo Uno 5
Mga pagdiriwang sa anibersaryo ng NDFP 6
Pagpupugay ng MB sa Camarines Norte 7
Kumperensya ng NDF-Ilocos, idinaos 7
Tropa ng 4th IB, inambus ng BHB 7
Sa madaling salita 8
Maruming taktika ng AFP 9
Batangas-Mindoro “super bridge” 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph @angbayan1969

# Lihim na pasilidad militar ng US, itinatayo sa Ilocos Norte

Paspasang nagtatayo ang mga sundalong Amerikano, katuwang ng Armed Forces of the Philippines (AFP), ng mga base militar nito sa Barangay Bobon, Burgos, Ilocos Norte. Ang lugar na ito ay hindi kabilang sa mga lokasyon na inianunsyo ng gubyernong Marcos kung saan magtatayo ng mga pasilidad ang US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Inangkin ng US ang 30 ektaryang lupa kung saan ipinwesto ang 40 kanyong *howitzer*. May mga itinayong gusali na inamin mismo ng mga sundalong Amerikano na gagamitin para sa pagsubaybay o *monitoring* sa galaw ng militar ng China. Nagtatayo rin ang US ng *seawall* na kasinlapad ng kalsada bilang portipikasyon ng kanilang base. May haba itong 800 metro, kapal na 15 metro at pundasyong apat na metro pataas at walong metro pailalim.

Nag-aasal hari ang mga sundalong Amerikano sa lugar. Mula Marso 16 hanggang 26, isinagawa nila, kasama ang mga sundalong Pilipino, ang 7-araw na *simulation* at *live-fire exercises* sa lugar. Hindi nakapangisda ang maliliit na mangingisda sa mga araw na ito. Nagpahayag sila ng pangamba na magkaroon ng sagupaan ng mga pwersa ng US at China.

"Mahirap ang lagay natin dito," pahayag ng isang mangingisda. "Paano na lang kapag nasa laot tayo tapos biglang nagputukan ang kanilang mga *rocket*?" Problema rin sa kanila ang "seawall" na itinayo dahil sagka ito sa kanilang paglusong at pag-ahon sa dagat.

Nang maglunsad ng *military drills* ang US sa San Joaquin, Sarrat, isinangkot nila ang ilang sibilyan. "(Sa treyning), kami ang nagbubuhat sa mga sundalong Amerikano na kunwari ay mga kaswalti sa gera," kwento ng isang residenteng pinalahok sa pagsasanay. "Ibig sabihin, 'pag totoong gera na ay kami ang tagabuhat sa mga sundalong Amerikano na makakaswalti. Ang bibigat pa naman nila!"

Punang-puna ng mga residente ang aroganteng asta ng mga Amerikanong sundalo. Ipinagyayabang nila sa masa na ang mga pasilidad na ipinwesto sa ginagawang kampo militar ay para tiktikan ang galaw ng tropang Chinese at ipinapailanlang nilang mga *rocket*. Ipinapapanood pa nila sa masa mula sa kanilang mga kompyuter ang kanilang *missile network* na nakatuon sa China. Di maitatanggi, bahagi ang Ilocos Norte sa opensibang estratehiyang "First Island Chain" ng US laban sa China.

Kasabay nito, pinalakas ng papet na Armed Forces of the Philippines ang presensya nito sa prubinsya. Kasama ng isang kumpanya ng US Marines sa Barangay Bobon ang 4th Marine Brigade Landing Battalion (MBLB). Unang dumating ang batalyon na ito sa Ilocos Norte bilang kalahok ng Balikatan na isinagawa sa bayan ng Currimao noong Hunyo 2022.

Sa ulat ng mga residente, regular na nagrerekorida ang mga pwersang Pilipino at Amerikano sa kahabaan ng haywey mula Tarrag at Balaoi sa Pagudpud hanggang Claveria, Cagayan gamit ang dalawang siksbay. May tig-isang iskwad ng US Marines na nakaistasyon sa Cabungaan South sa Laoag at sa Laoag Airport mismo.

May mga pwersa rin ng US Marines sa Currimao, sa lugar na dating pinagdausan ng Balikatan. Sa bayan ng Sarat, inilusot ng US Marines ang kanilang presensya sa pagkukunwaring nagtatayo ng isang *health center*. Lahat ng mga barangay at bayan na ito ay nasa baybaying nakaharap sa South China Sea.

Anumang gawing pagpapabango ng mga tropang Amerikano sa lugar, batid ng mga residente sa apektadong mga barangay na magiging mas bulnerable ang bansa sa ligalig ng napipintong imperyalistang digmaan.

"Anumang kaunlaran na sinasabi nilang hatid ng mga tropang Amerikanong iyan, kung ang kapalit naman nito ay ang mas mahirap na kalagayan kapag nagkadigmaan dito sa ating bayan, ay di bale na lang." Tugon ito ng mga residente sa ipinangangalandakan ng mga tropang Amerikano na ang mga misyon nila ay para sa "pag-unlad ng komunidad."

Katunayan, laking tuwa nila nang makansela ang bahagi ng Balikatan *exercises* na itinakdang idadaos sana sa Ilocos Norte noong Abril 24. AB

## Marcos Jr, hinabol ng protesta sa US

MAGKAKASUNOD NA PROTESTA ang inilunsad ng mga migranteng Pilipino sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-USA sa Washington D.C., US para batikusin ang pagpunta ni Ferdinand Marcos Jr sa bansa.

Noong Mayo 1, nagprotesta sila sa Lafayette Square kung saan nagpulong si Marcos Jr at US President Joe Biden. Matapos nito, hinabol nila ng protesta si Marcos sa Ritz-Carlton Hotel.

Sa sunod na araw, nagpiket sila sa US Naval Observatory kung saan nakipagpulong si Marcos Jr kay US Vice President Kamala Harris. Pagsapit ng gabi, sinugod nila ang pulong ni Marcos Jr sa mga bilyonaryong negosyanteng Pilipino sa isang restawran. Inaresto sa pagkilos ang apat na aktibista. Muli silang nagprotesta noong Mayo 3.

# Napakamahal, mapanganib at di istableng enerhiyang nukleyar

Ipinagmayabang ni Ferdinand Marcos Jr na naengganyo nitong "mamuhunan" sa sektor ng enerhiya ng Pilipinas ang isang kumpanyang gumagawa ng maliliit na plantang nukleyar mula sa huling pagbisita niya sa US. Nagpahayag diumano ng "interes" ang NuScale Power Corporation na magsagawa ng pag-aaral para sa potensyal na lugar para sa mga *small modular reactor* o SMR nito sa Pilipinas.

Maglalagak diumano ng hanggang $7.5 bilyon ang NuScale sa bansa para magsuplay nang hanggang 430 *megawatts* sa taong 2031. Ginamit ni Marcos ang di istableng suplay ng kuryente sa iba't ibang bahagi ng bansa para engganyuhin ang mga Pilipino sa sobrang mahal, mapanganib at di pa subok na teknolohiyang nukleyar.

Unang naibalita ang planong pagtatayo ng maliliit na plantang nukleyar matapos ang pagbisita ni US Vice Pres. Kamala Harris sa Pilipinas noong nakaraang taon. Bahagi ang proyekto sa pinagkasunduan ni Marcos at Harris na 123 Agreement para makapasok ang Amerikanong kumpanyang nukleyar sa Pilipinas. Isa sa mag target na pagtatayuan ng limang SMR ang isang bayan sa baybay ng Pangasinan na nakaharap sa South China Sea.

Mahigpit na binatikos ng mga makabayang kongresista ang mga kaisahang ito. Anila, ang mga reaktor na ito ay maari ring magprodyus o magsuplay ng enerhiya ng mga armas nukleyar. Labag ito sa pinirmahang mga kasunduan ng reaksyunaryong estado para sa *nuclear non-proliferation* (pagbabawal para sa produksyon ng mga armas nukleyar).

**Sino at ano ang NuScale Power Corp?**

Ang NuScale Power Corporation ay isang kumpanyang nagpapaunlad at nagmamanupaktura ng mga SMR base sa pananaliksik ng mga syentista ng Oregon State University. Sinusubsidyuhan ng gubyerno ng US kapwa ang pananaliksik at produksyon ng NuScale.

Ang SMR ng kumpanya ay inilarawan ng Institute for Energy Economics and Financial Analysis, isang grupo sa pananaliksik sa US, na "masyadong matagal (itayo), sobrang mahal, masyadong mapanganib at di tiyak." Noong 2021, isinapubliko ng kumpanya na ang malilikhang kuryente mula sa network ng mga SMR nito ay magkakahalaga ng $58 *per megawatt hour* (MWh). Pagsapit ng 2023, umabot na ito sa $89/MWh dulot ng papataas na gastos sa konstruksyon.

"Nakagugulantang" ang presyong $89/MWh ng produksyon ng enerhiyang nukleyar ng NuScale kumpara sa abereyds na presyo ng produksyon ng enerhiya mula sa araw at hangin ($40/MWh at $30/Mwh noong 2020). Pagsapit ng 2030, tinatayang nasa $20/Mwh na lamang ang produksyon mula solar at hangin habang posibleng umabot sa $200/Mwh ang gastos ng produksyon ng SMR nito.

Ang mga SMR ng kumpanya ay hindi pa naitatayo, napapagagana o nasusubok sa komersyal na produksyon ng kuryente saanman sa mundo mula nang sinimulan itong paunlarin noong dekada 2000. Ang kauna-unahang konstruksyon ng anim na SMR para magprodyus ng 10MWh kada isa ay inanunsyo noon lamang Mayo 2022 sa bansang Romania. Sa taya ng NuScale mismo, ang pagtatayo ay tatagal hanggang 54 buwan bago ito mapakinabangan.

Walang batayan ang sinasabi ng mga "eksperto" sa nukleyar sa Pilipinas na "makatitipid" ang bansa sa SMR. Sa kasalukuyan, nagkakahalaga ng $5.3 bilyon hanggang $9.3 bilyon ang konstruksyon ng 8-12 SMR na makapagpoprodyus ng kuryenteng 462 megawatt.

Wala rin sa katayuan ang NuScale at sinuman na sabihin na magiging episyente at produktibo ang mga SMR nito sa simpleng dahilan na wala pang umiiral na gayong operasyon.

Kabaliktaran ang sinasabing "mas malinis" ang mga SMR kumpara sa malalaking plantang nukleyar. Sa isang pag-aaral ng Stanford University noong 2022 na "mas malaki ang bolyum ng duming nukleyar" na inilalabas ng mga SMR. AB

**Kabataan kontra taas-matrikula.** Nagmartsa ang mga kabataan at estudyante mula sa iba't ibang unibersidad ng Metro Manila tungong CHED sa Quezon City noong Abril 28. Ito ay bilang protesta sa napipintong pagtataas ng matrikula, sa pahintulot ng CHED, sa maraming pribadong unibersidad sa bansa.

**Meralco, ganid sa tubo.** Nagprotesta noong Mayo 5 ang mga kababaihan sa Meralco Business Center sa Kamuning upang iprotesta ang taas-singil sa kuryente na ipapataw ng kumpanya.

**Tagumpay sa Globesco.** Nagkamit ng dagdag ₱45/araw kada taon ang mga mangggagawa ng Globesco sa Quezon City matapos ang kanilang negosasyon noong Abril 18. Liban dito, nakakuha rin sila ng dagdag na mga benepisyo at alawans.

# Makabuluhang dagdag-sahod, panawagan ng mga manggagawa sa Mayo 1

Libu-libong manggagawa sa pangunahing mga syudad ng Pilipinas ang nagmartsa noong Mayo 1, Internasyunal na Araw ng Paggawa, para ipanawagan ang makabuluhang pagdagdag sa sahod at seguridad sa trabaho. Binatikos nila si Ferdinand Marcos Jr sa pakitang-tao niyang mga hakbang at kawalang-tugon sa hinaing ng mga manggagawa.

Sa Metro Manila, 10,000 manggagawa sa ilalim ng All Philippine Trade Unions (APTU) ang nagmartsa mula España tungong Mendiola Bridge sa Maynila. Binubuo ang APTU ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), Kilusang Mayo Uno (KMU), Nagkaisa! Labor Coalition, Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), at iba pang mga grupong manggagawa. Kalahok sa martsa ang mga magbubukid, mga propesyunal, kabataan at iba pang demokratikong sektor.

Matapos ang pagkilos sa Mendiola, nagtungo ang KMU at Bagong Alyansang Makabayan sa embahada ng US para kundenahin ang patuloy na paglabag sa karapatang-tao na pinatindi ng ayudang militar ng US. Kinundena nila ang pangangayupapa ni Marcos sa US at nanawagan sa pagbabasura sa mga di pantay na tratadong militar.

Sa Laguna, umabot sa 3,000 manggagawa, kabataan, taong-simbahan at iba pa ang nagtipon sa Calamba Crossing. Nagkaroon din ng programa sa loob ng University of the Philippines-Los Banos.

Sa Cebu City, ginunita ng mga manggagawang Sugbuhanon ang Araw ng Paggawa sa isang martsa sa Osmeña Blvd. Sa Davao City, 400 myembro ng KMU-Southern Mindanao Region at iba pang makabayang organisasyon ang nagtipon para sa paggunita ng Mayo Uno. Pahayag nila, malayong hindi nakasasapat ang ₱428 hanggang ₱443 na minimum na sahod sa rehiyon para tugunan ang batayang pangangailangan ng isang pamilya.

Sa Albay, nagtipon ang mga manggagawa sa Legazpi City sa pangunguna ng May One Committee Bicol. Lumahok sa rali ang mga drayber mula sa No to Jeepney Phaseout Alliance na nagsagawa ng karaban mula Busay, Daraga.

Sa Baguio City, nagtipon sa Igorot Park ang mga myembro ng KMU-Baguio at iba pa sa kabila ng lamig at bumubuhos na ulan. Anila, ang sahod ng manggagawa sa Cordillera na ₱400 ay hindi makahabol sa tumataas na presyo ng bilihin.

Sa Bacolod City, pinangunahan ng United Labor Alliance Negros (ULAN) ang pagkilos para sa karapatan at pambansang minium na sahod na ₱750. Bago makarating ang delegasyon na mula sa Kabankalan City at South Negros, hinarang ang mga ito ng mga pulis sa malapit sa Lorenzo Zayco District Hospital.

Sa Cagayan de Oro, hinarang din ng mga pulis ang 70 myembro ng KMU na nakamotorsiklo sa Barangay Bugo na papunta sa sentro ng syudad para lumahok sa rali. Ayon sa pulis, nagmula sa pambansang pamunuan ang utos na "i-monitor" ang kilos ng mga militanteng organisasyon ng manggagawa sa buong bansa.

Samantala, kinundena ng APTU ang arbitraryong pagbubuo ni Marcos ng isang komite para sa koordinasyon at pamamahala sa pagresolba ng mga kaso sa paggawa sa bansa sa pamamagitan ng Executive Order (EO) 23.


Malayong hindi nakabubuhay ang kasalukuyang minimum na sahod dahil mas mababa ito sa upisyal na "poverty threshold" o pamantayan ng kahirapan na itinakda ng reaksyunaryong estado, ayon sa pag-aaral ng Ibon Foundation.

Mababang itinakda ng Philippine Statistics Authority, ang *poverty threshold* para sa isang pamilya sa ₱12,030 kada buwan o ₱79 kada araw kada tao. Mas mababa pa rito ang abereyds na minimum na sahod sa buong bansa na nasa ₱8,902 kada buwan lamang. Malayong-malayo ito (63% na mas mababa) sa abereyds na nakabubuhay na sahod na ₱23, 787 kada buwan.



Mas mababa pa ang minimum na sahod ng mga manggagawang-bukid. Ayon sa estadistika ng estado, nasa ₱331 kada araw lamang ang abereyds na tinatanggap na sahod ng mga manggagawa sa mga plantasyon, tubuhan at iba pang empresang pang-agrikultura. AB

# Mga pagdiriwang sa ika-50 anibersaryo ng NDFP, inilunsad



Inilunsad ng mga demokratiko at rebolusyonaryong organisasyong masa ang mga pagdiriwang at pagtitipon sa buong bansa at maging sa ibayong dagat para gunitain ang ika-50 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong Abril 24. Kasabay nito, pinarangalan ng mga grupo ang mga martir ng rebolusyong Pilipino kaugnay ng Linggo ng Paggunita at Pagpaparangal sa Mga Bayani at Martir ng Sambayanang Pilipino mula Abril 17 hanggang 24, na taunan nang isasagawa.

**Parangal kina Ka Laan at Ka Bagong-tao**

Isinagawa ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang tahimik na 21-*gun salute*, alinsunod sa atas ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas at Pambansang Kumand sa Operasyon ng BHB, bilang parangal at para bigyan ng pagkilala sina Benito Tiamzon (Ka Laan), yumaong Tagapangulo ng Komiteng Tagapagpanap ng Komite Sentral, at Wilma Austria-TIamzon (Ka Bagong-tao), Pangkalahatang Kalihim ng Partido.

Binasa at tinalakay ng mga Pulang kumander at mandirigma ang pahayag ng parangal para kina Ka Laan at Ka Bagong-tao na inilabas ng Kawanihan sa Pulitika ng Komite Sentral. Tinalakay sa parangal ang rebolusyonaryong simulain ng mag-asawang Tiamzon, kanilang mga kontribusyon at ang dakilang pamumuno sa Partido sa nagdaang mga dekada.

Sa paunang ulat na natanggap ng Ang Bayan, nakapaglunsad ng 21-*gun salute* ang mga yunit ng BHB sa Central Luzon, Southern Tagalog, sa Bicol, Panay, Negros, North Central Mindanao at Northeastern Mindanao.

Pinarangalan din ng mga alyadong organisasyon ng NDFP sina Ka Laan at Ka Bagong-tao. Naglabas ng pahayag ang mga balangay ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, Cordillera People's Democratic Front, Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid, Liga ng Agham para sa Bayan, Pambansang Samahan ng Makabayang Tsuper, Katipunan ng mga Samahang Manggagawa, Compatriots, Kabataang Makabayan, Christians for National Liberation at iba pang organisasyon.

Nakiramay at nagpaabot ng pagpupugay ang iba't ibang organisasyon at partido mula sa Ireland, China, Turkey, Palestine, Paris, Rojava, Germany, Switzerland at iba pang mga lugar. Ang ilan sa kanila ay nagsagawa rin ng mga pagtitipon para parangalan sina Ka Laan at Ka Bagong-tao.

Noong Abril 24, inilunsad ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan ang isang programa na nagpugay kina Ka Laan at Ka Bagong-tao at lahat ng mga martir ng rebolusyong Pilipino sa nagdaang limang dekada. Umabot sa 1,200 ang dumalo sa programang inilunsad sa loob ng University of the Philippines-Diliman sa Quezon City.

**Iba pang pagtitipon at aktibidad**

Liban sa mga pagtitipon ng masa at hukbong bayan sa mga larangang gerilya, at mga lihim na aktibidad ng mga kasapi ng lihim na rebolusyonaryong organisasyong masa sa Pilipinas, inilunsad din ang dalawang araw na aktibidad ng NDFP sa Kurdish Democratic People’s Center sa The Hague, Netherlands mula Abril 22 hanggang 23.

Sa pagtitipon, nagbigay ng talumpati si NDFP Peace Negotiating Panel Interim Chairperson Julie de Lima. Tinalakay sa aktibidad ang pagsulong ng NDFP mula sa pagkakabuo nito ilang buwan matapos ang deklarasyon at pagpapataw ng batas militar sa Pilipinas. Dumalo sa naturang programa ang mga kaibigan ng rebolusyong Pilipino mula sa The Netherlands, Belgium, Germany, Norway, Spain, France Kurdistan, Turkey, Palestine, China, the US, Canada, Asia-Pacific, Korea, New Zealand, Colombia at Eritrea.

Nagtipon din ang may 80 migranteng kasapi ng NDFP-Australia at mga nakiisang organisasyon para ipagdiwang ang ginintuang anibersaryo.

Samantala, naglunsad ng iglap-protesta sa EDSA sa Cubao, Quezon City ang tinatayang 300 kasapi ng NDFP bilang paggunita sa ika-50 anibersaryo ng NDFP noong Abril 17. Inilunsad ng mga grupo ang kanilang programa alas-8 ng umaga sa Cubao Rotonda.

Malawakang inilunsad ng mga balangay at alyadong organisasyon ng NDFP ang mga operasyong-pinta at operasyong-dikit sa maraming bahagi ng bansa para itanghal ang ginintuang anibersaryo ng NDFP at ang 12-puntong programa nito. AB

# Pagpupugay ng milisyang bayan sa Camarines Norte

Isang yunit ng milisyang bayan sa ilalim ng Bagong Hukbong Bayan-Camarines Norte (Armando Catapia Command) ang naglunsad ng 21-*gun salute* bilang pagpupugay kina kasamang Benito Tiamzon at Wilma Austria na isinabay sa pagdiriwang sa ika-50 anibersaryo ng National Demokratic Front of the Philippines (NDFP).

Sa pangunguna ng sangay sa lokalidad at kumand ng MB, inihanda ang mga kailangan para sa parangal, kabilang ang benyu at imbistasyon sa masa sa lugar.

Sa kabila ng pagiging abala sa gawaing produksyon, inilaan ng mga yunit ng Partido sa lokalidad at mga kasapi ng organisasyong masa ang dalawang araw para bigyan ng pinakamataas na pagpupugay ang mga dakilang lider at bayani ng rebolusyong Pilipino.

Nahati sa dalawang bahagi ang lokal na paggunita. Sa unang bahagi, isinagawa ang 21-*gun salute* para sa mag-asawang Tiamzon at iba pang martir ng rebolusyon at ang pagtalakay sa parangal na inilabas ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral. Sa ikalawang bahagi, nagbigay ng mensahe ang lokal na mga organisasyong masa at inilatag ang kanilang mga hamon at tungkulin.

Ang hanay ng milisyang bayan sa probinsya sa gabay ng mga sangay ng Partido sa lokalidad ay laging handa at mataas ang diwa ng paglaban upang tumulong sa BHB sa paggapi sa berdugong militar at pulis. Binubuo ang MB ng karaniwang mga magsasaka na nagpasyang humawak ng sandata para ipagtanggol ang kanilang kabuhayan at karapatan laban sa mga mapagsamantala at naghaharing uri sa lipunan. AB

# Kumperensya ng NDF-Ilocos, idinaos

Sa pangunguna ng Partido Komunista ng Pilipinas, nagtipon ang mga kasapi ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid at Christians for National Liberation sa Ilocos upang ipagdiwang ang ika-50 anibersaryo ng NDFP noong Abril 24. Pinarangalan nila sina Ka Laan at Ka Bagong-tao at nagdaos ng kumperensya upang isulong ang anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasistang pakikibaka ng masang Ilokano.

Kasabay ng paggunita, idinaos ang isang kumprerensya ng rebolusyonaryong mga magsasaka, mangingisda, pambansang minorya at taong-simbahan upang payamanin at buuin ang mga panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri ng kasalukuyang kalagayan sa ekonomya at pulitika ng Ilocos.

Tampok na tinukoy ang pagdagsa at pagpapalawak ng mga proyekto para sa *renewable energy* lalo na sa Ilocos Norte na nagbubunsod ng malawakang pangangamkam ng mga sakahan ng mga magsasaka at lupang ninuno ng tribung Yapayao, Isnag, Balangon at Kankanaey. Kaakibat ng mga proyektong ito ang malawakang pagkasira ng kagubatan na naghahatid ng mga *landslide*. Inaagaw din maging ang mga pangisdaan ng maliliit na mangingisda sa planong pagtatayo ng *offshore windmills*.

Tinukoy ng kumperensya bilang usapin sa rehiyon ang pagdagsa at *deployment* ng mga tropa ng US Marines at Philippine Marines sa iba't ibang bayan ng Ilocos Norte lalo na sa mga komunidad na bahagi ng baybayin ng South China Sea. Ang mga lugar na ito rin ang target na pagtayuan at ekspansyon ng *solar* at *wind power plants*.

Nagkaisa ang kumperensya na pasisiglahin at isusulong ang pakikibakang masa sa Ilocos upang ipaglaban ang soberanya at seguridad ng Pilipinas laban sa itinutulak na digmaan ng US laban sa China. Nagpasya din itong isusulong ang pakikibaka para sa sariling pagpapasya ng pambansang minorya at magsasakang Ilokano laban sa pangangamkam sa kanilang mga sakahan at lupang ninuno ng mga dayuhang kapitalistang kumpanya na kasabwat ang rehimeng Marcos. Pangako nilang paiigitingin ang laban sa militarisasyon at paglabag sa karapatang-tao.


### Tropa ng 4th IB, inambus ng BHB sa Occidental Mindoro

INAMBUS NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro ang 4th IB sa Lipitan, Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro noong Abril 25. Isa sa kanila ang napatay. Nakumpiska sa kanya ang isang kalibre .45 pistola na may dalawang magasin at selpon.

Imbwelto ang tatlo sa mga operasyong paniktik ng AFP at sapilitang pagrekrut sa CAFGU ng mga Hanunuo at Buhid sa bayan ng Rizal at San Jose.

Taliwas sa kasinungalingan pinalalabas ng 4th IB na idinamay ng BHB ang mga sibilyan, tiniyak ng mga Pulang mandirigma na hindi masasaktan ang apat na sibilyang kasama ng tatlong mga sundalo.

Sa Bulacan, dalawang sundalo ng 70th IB ang napatay sa isang engkwentro sa yunit ng BHB-Bulacan sa Sityo Balagbag Araw, Barangay San Isidro, San Jose del Monte noong Abril 28 ng umaga. Ang 70th IB ay masugid na protektor ng interes ng naghaharing uri na sila Villar, Robes at Araneta. Sangkot sila sa pangdadahas sa masang magsasaka sa kampanyang pangangamkam ng lupa ng pamilyang Araneta sa mahigit 700 ektaryang lupa sa naturang lugar.



## 90 araw

pinalawig na pwersahang SIM Card *registration*, matapos halos 60% ng mga subscriber ang di pa rehistrado noong Abril 26

## 12 TAON

huling mas mababa ang tunay na sahod sa NCR kumpara sa halaga nito noong Marso

***Pinagkunan:*** Ibon Foundation



## 186

grupo, nagpetisyon para palayain ng Indonesia si Mary Jane Veloso, biktima ng *human trafficking*, sa okasyon ng Araw ng Pagpapalaya ng Kababaihan noong Abril 16

## 67 milyon



bata sa buong mundo ang di nabakunahan noong panahon ng pandemya. Pinangangambahang magkaroon ng mga pandemya sa polyo, tigdas at iba pang sakit sa susunod na taon

***Pinagkunan:*** Unicef

## 1

batang agila ang namataan sa kabundukan ng Bukidnon noong Abril 26.



Ayon sa mga eksperto, kailangan ng mga agilang ito ng 4,000 hanggang 11,000 ektarya ng di nadidistorbong kagubatan para maaliwalas na mabuhay.

***Pinagkunan:*** Philippine Eagle Foundation Foundation

## ₱375.71 bilyon

ang ibinayad ng rehimeng Marcos Jr para sa utang noong Pebrero, 10 beses na mas malaki kaysa **₱30.42 bilyon** ibinayad noong Pebrero 2022.

## Cope Thunder



war games panghimpapawid ng US sa Pilipinas na sinimulan 2 araw matapos ang Balikatan 2023. Huling nagkaroon ng katulad na pagpapakitang-gilas sa himpapawid noong 1990.



## 67%

ng mamamayang Pilipino ang walang sistema ng tubig sa loob ng kanilang mga bahay

***Pinagkunan:*** Social Weather Station

# Maruming taktika ng AFP ng pagdukot at sadyang pagpatay

Sunud-sunod na kaso ng pagdesaparesido (sapilitang pagkawala) ng mga sibilyan, aktibista at rebolusyonaryo ang naiulat sa nagdaang linggo sa buong bansa. Hindi bababa sa walo ang dinukot ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) habang tatlo ang sadyang pinatay. Ang mga biktima ng pagpatay ay pinalalabas na nasawi sa mga "engkwentro" sa pagitan ng AFP at Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ang mga kasong ito ay lubhang paglabag sa internasyunal na makataong batas at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

**Karahasang-militar sa Negros**

Sadyang pinatay ng 94th IB ang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa Negros na si Rogelio Posadas at iniratay ang kanyang bangkay sa Barangay Santol, Binalbagan, Negros Occidental noong Abril 20. Pinalabas na napaslang siya sa serye ng mga pekeng engkwentro.

Dinukot si Posadas ng militar noong gabi ng Abril 19 habang bumibyahe sa Aranda-La Castellana Road sa bayan ng Hinigaran. Kasama niyang dinesaparesido si Lyngrace Martullinas at ang dalawang sibilyang drayber ng inarkila nilang motor na sina Renren delos Santos at Renald Mialen. Hindi pa inililitaw ang tatlo hanggang sa ngayon.

Noong Abril 28, sadya ring pinatay ng 62nd IB ang maysakit na Pulang mandirigma na si Anthony Curson (Ka Miguel), 22 anyos, sa Sityo Malatanglad, Barangay Budlasan, Canlaon City. Si Curson ay may sakit sa *kidney* at wala sa katayuang lumaban sa panahong iyon.

Nang madakip, dinala si Curson sa bahay ng magsasakang si Leonido Montero at doon labis na pinahirapan bago pinatay. Matapos nito, si Montero ay ipinailalim sa tortyur, inaresto at ikinulong sa gawa-gawang mga kaso.

Noong Mayo 3, isang magsasaka ang dinampot ng 94th IB mula sa kanyang bahay sa Sityo Paloypoy, Barangay Buenavista sa Himamaylan City at ginapos, ininteroga at pinatay. Kinilala ang biktima na si Crispin Tingal Jr.

Hindi pa nakuntento, hinabol din ng mga sundalo ang anak ng biktima at pinagbabaril. Nakatakas siya at nakaiwas sa pagpapaulan ng bala ng mga berdugo. Dulot nito, hindi bababa sa walong pamilya ang napilitang lumikas.

Samantala, nanawagan ng hustisya ang grupong BPO Industry Employees Network (BIEN) Philippines sa pagpaslang sa unyonista at kasapi nitong si Alex Dolorosa sa Bacolod City. Natagpuan ang kanyang bangkay sa Villa Sto. Rosario, Barangay Alijis noong Abril 24. Huling nakitang buhay si Dolorosa noong gabi ng Abril 23.

Nagsilbing paralegal at organisador ng BIEN si Dolorosa. Bago siya pinatay, isinailalim siya sa sarbeylans ng mga ahente ng estado.


**Iba pang kaso ng pagdukot**

Dinukot ng mga sundalo ng 4th IB ang dalawang tagapagtanggol ng karapatan ng katutubo sa Sityo Buol, Barangay Santa Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro noong Abril 24. Ang dalawa, na kinilala bilang sina Mary Joyce Lizada at Arnulfo “Ompong” Aumentado, ay mga kasapi ng Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK).

Inilitaw sila ng militar noong Abril 26 sa isang palabas na engkwentro bilang mga "sugatan na naaresto." Nakapiit sila ngayon sa kampo ng 2nd ID sa Camp Capinpin sa Tanay, Rizal at pinagkakaitan ng karapatan na madalaw at makausap ng mga kaanak at abugado.

Dinukot at hindi pa rin inililitaw ng mga pwersa ng estado si Dexter Capuyan, isang Bontoc-Ibaloi-Kankanaey na mula sa La Trinidad, Benguet at Gene Roz Jamil De Jesus, isang tagapagtanggol ng karapatan ng mga katutubo. Ayon sa mga grupo ng karapatang-tao, ang dalawa ay huling nakontak noong gabi ng Abril 28 habang nasa Taytay, Rizal para magpatingin sa ospital si Capuyan.

Labis ang pag-aalala ng mga kaanak sa kalagayan at kaligtasan ng dalawa dahil si Capuyan ay inakusahan ng AFP na lider umano ng BHB sa rehiyong Ilocos-Cordillera at pinatungan ng ₱1,850,000.00 para sa kanyang pagkakadakip. Liban dito, idinadawit din si Capuyan sa mga kaso ng pagpatay, bigong pagpatay at tangkang pagpatay sa mga sundalo ng AFP noong Pebrero 2015 sa Barangay Namitpit, Quirino, Ilocos Sur. AB




# Batangas-Mindoro "super bridge," kontra-mamamayan at mapangwasak sa kalikasan

Patuloy ang pagdurusa ng mga Mindoreño at mamamayan sa mga karatig isla ng Mindoro dulot ng pagkawasak sa karagatan at kanilang kabuhayan bunga ng pagtagas ng langis mula ng lumubog na barkong MT Princess Empress. Dagdag pa ang matitinding *brownout* na matagal na nilang iniinda dahil sa kapalpakan ng Department of Energy at lokal na kooperatiba ng kuryente.

Sa halip na bigyan ng karampatang bayad-pinsala ang apektadong mamamayan, isang mapangwasak sa kalikasang proyekto ang ipinapanukala ngayon ng rehimeng Marcos Jr, kakutsaba ang malaking burgesyang kumprador na si Ramon Ang. Isa si Ang at kanyang mga kumpanya sa tumatangkilik sa serbisyo sa di pasadong mga barko ng RDC Reied Marine Services, ang kumpanyang nagmamay-ari ng MT Princess Empress. Si Ang ang sumalo sa mga kumpanya ni Eduardo Cojuangco Jr, ang pinakamalaking kroni ng ama ng kasalukuyang presidente at dating diktador na Ferdinand Marcos Sr.

Para pagtakpan ang pananagutan, binuhay ni Ang ang proyektong Batangas-Mindoro "super bridge" na ipinipilit nitong "tugon" sa paghihirap ng mga Mindoreño. Pilit niyang pinalalabas, kakoro ni Ferdinand Marcos Jr, na ihahatid ng tulay ang "paglago at pag-unlad" hindi lamang sa Oriental Mindoro kundi sa buong rehiyon ng Mimaropa (Mindoro, Marinduque, Romblon, Palawan.)



Ang mapangwasak na proyekto ay unang iminungkahi noon pang 2011.

**Pangwawasak sa kabuhayan at kalikasan**

Ang Batangas-Mindoro "super bridge" ay tulay na may habang 15 kilometro na magdudugtong sa isla ng Mindoro sa isla ng Luzon sa bandang Batangas. Ayon sa panukala, magsisimula ito sa Barangay Ilijan sa Batangas City, dadaan ng Isla Verde at dudugtong sa Barangay Sinandigan sa Puerto Galera. Sa naisapublikong detalye ng proyekto, umaabot sa 300 metro pababa sa dagat ang "deepest point" nito. Sinasabing kakayanin nito ang lakas ng hangin na 354 kph. (Ibig sabihin, mawawasak ito kung dumaan ang sinlakas ng bagyong Yolanda noong 2013 na may dalang hangin na umabot sa 378 kph.)

Sa pinakabagong taya na ibinigay ni Ang, kakayaning itayo ang tulay sa loob ng limang taon sa halagang ₱18 bilyon. Ipinagmamalaki ito bilang unang "floating bridge" sa Pilipinas at pinakamahaba sa Asia. Ang ganitong disenyo ng tulay ay madalas na temporaryo at para lamang sa maiiksing distansya.

Tatawid ang tulay sa protektadong Verde Island Passage (VIP), ang tinaguriang "sentro ng sentro ng *marine biodiversity*" ng buong mundo. Saklaw ng VIP ang 1.14 milyong ektaryang karagatan na pinalilibutan ng mga prubinsya ng Batangas, Oriental Mindoro, Occidental Mindoro, Marinduque at Romblon. Matatagpuan dito ang pinakamaraming bilang ng klase ng *shorefish* sa buong mundo. Sa ngayon, may nadokumento nang 1,736 *marine species* sa lugar, kabilang ang ilang klase na malapit nang mawala. Mahalagang lugar ito para sa mga syentista at mananaliksik.

Mas mahalaga, ang mayaman-sa-rekursong VIP ay pangisdaan ng daan-daang mangingisda. Nakaasa ang kabuhayan ng tinatayang dalawang milyong tao sa limang prubinsya sa VIP.

Noong 2018, nagbalangkas ng petisyon ang mga lokal na gubyerno ng Batangas at mga prubinsya ng Mindoro para ipadeklarang World Heritage Site ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization ang VIP. Pero sa ngayon, todo-todo ang pakikipag-areglo ng lokal na gubyerno ng Mindoro kay Ang para buhayin ang proyekto.

Dagdag sa *oil spill* at Batangas-Mindoro *super bridge*, sangkot din si Ang sa iba pang mapangwasak na proyekto sa VIP. Noong 2021, kabilang ang kanyang mga kumpanya sa nagtulak para minahin ang *liquid natural gas* sa lugar. Karugtong nito ang pagtatayo ng 27 bagong planta at pitong LNG terminal sa mga komunidad sa baybay ng Batangas.

Liban sa pangwawasak sa VIP, kilala rin si Ang sa pangwawasak ng mga bakawan at pagpalayas sa mga mangingisda sa Bulacan sa isinasagawang pagtatayo ng multi-bilyong proyektong Aerotropolis. Isa pang mapangwasak niyang proyekto ang Pasig River Expressway na mariing tinututulan ng mga residente ng syudad. AB